

Kung Kailangan Mong Mag-a-access sa Medical Care, Mangyaring Tawagan ang Iyong Medical Home upang Magtakda ng Tipanan!

Ang Healthy San Francisco at Ikaw sa Panahon ng Pandemyang COVID-19

Ang aming prayoridad ay upang siguraduhin na ikaw ay patuloy na makaka-access sa kailangang mga serbisyong medikal at botika sa ganitong mahihirap na mga panahon.



Mga Update na Medikal



Pagsusuri



Botika



Mga Tipanan

Anong Mga Aksyon Ang Ginawa ng Healthy SF upang Mapapanatili ang Saklaw ng Mga Kalahok?

- 1** Ekstrang Saklaw na Walang Bayad
 - Ang mga kalahok na may saklaw na nagtatapos sa pagitan ng Disyembre 1, 2020 hanggang Hunyo 30, 2021 ay nakatanggap ng 180 araw ng saklaw.
 - Ang mga kalahok na inalis sa pagkakatala noong Disyembre 2020 ay itinala ulit nang may karagdang 180 araw ng saklaw mula sa kanilang petsa ng pagkakaalis sa pagkakatala.
- 2** Pinansyal na Tulong para Mga Bayarin ng Kalahok sa Sangkapat
 - Ang mga kalahok na may bayarin sa sangkapat ay maaaring mag-apply para sa pinansyal na tulong kapag hindi sila nakapagbayad.
 - Para mag-aplay sa pinansyal na tulong, mangyaring tawagan ang Serbisyo sa Kostumer ng Healthy San Francisco Lunes hanggang Biyernes, 8:30am hanggang 5:30pm sa **1(415) 615-4555**.
- 3** Walang Pagtanggag sa Listahan para sa Hindi Pagbabayad sa Bayarin ng Kalahok
 - Simula Marso 2020, ang Healthy San Francisco ay hindi nagtanggag sa listahan ng mga kalahok na hindi nakapagbayad sa kanilang bayarin sa sangkapat.
 - Kung sa palagay mo ikaw ay natanggag sa listahan dahil ikaw ay hindi nagbayad sa iyong resibo, mangyaring tawagan ang Serbisyo sa Kostumer ng Healthy San Francisco Lunes hanggang Biyernes, 8:30am hanggang 5:30pm sa **1(415) 615-4555**.



Para malaman kung ikaw ay karapat-dapat para sa programa at magtakda ng isang tipanan upang ma-enroll, mangyaring tawagan ang Serbisyo sa Kostumer ng Healthy San Francisco Lunes hanggang Biyernes, 8:30am hanggang 5:30pm sa **1(415) 615-4555**.